

Pantay na Karapatan para Kanino: Sipa't Suri sa Akdang Tata Selo ni Rogelio R. Sicat

David, Precious Mae ✉

Leyte Normal University, Philippines (2102132@lnu.edu.ph)

Received: 27 April 2025

Available Online: 20 May 2025

Revised: 12 May 2025

DOI: 10.5861/ijrse.2025.25110

Accepted: 18 May 2025

ISSN: 2243-7703

Online ISSN: 2243-7711

OPEN ACCESS



Abstract

The food consumed by every Filipino comes from the agricultural sector, farmers who work tirelessly but are constantly challenged by various hardships and struggles. Each grain of food is paid for with their blood and sweat. To explore the challenges faced by farmers, this study analyzes the short story “Tata Selo” by Rogelio R. Sicat, which centers on social issues, particularly justice and the inequality of farmers’ rights in Philippine society. The study is grounded in a qualitative research design and employs content analysis in applying theoretical frameworks. Through the lenses of existentialism, Marxism, and sociological theory, the characteristics of the main characters were examined: Tata Selo, being loving, hardworking, valuing property, principled, and courageous; and in contrast, Kabesang Tano, who is portrayed as elitist, arrogant, and abusive. The study also investigated social issues such as the conflict between the rich and the poor, and the symbolism of justice within the text. Symbols such as the detention cell, tears running down the cheek, the bars, the chief’s physical abuse, the crowd looking at Tata Selo as though he were an unusual animal on display, the mention of Saling with the Mayor, and the statement that “everything was taken from them,” all reflect the kind of justice system in the Philippines. The study revealed the continuing presence of an oppressive social system in which farmers remain victims of violence, exploitation, and injustice. The analysis shows that the story reflects the realities of both past and present Philippine society and aims to open discourse toward deeper understanding and reform of the social system, particularly in the protection of farmers’ rights.

Keywords: farmers, inequality, justice, Pilipino, rights

Pantay na Karapatan para Kanino: Sipa't Suri sa Akdang Tata Selo ni Rogelio R. Sicat

1. Abstrak

Ang kinakain ng bawat mamamayang Pilipino ay mula sa sektor ng agrikultura, mga magsasakang walang sawang gumagawa ngunit hinahamon sila ng iba't ibang suliranin at pasakit. Kapalit ng bawat butil ng pagkain ay katumbas ng kanilang dugo at pawis. Upang galugarin ang mga hamong kinahaharap ng mga magsasaka, ang maikling kuwentong "Tata Selo" ni Rogelio R. Sicat na nakatuon sa mga suliraning panlipunan, partikular ang katatungan at hindi pagkakapantay-pantay ng karapatan ng mga magsasaka sa lipunang Pilipino. Naging batayan ang kwalitatibong disenyo ng pananaliksik at content analysis sa paglalapat ng mga teorya. Gamit ang teoryang eksistensiyalismo, marxismo, at sosyolohikal, ang mga lenteng ito ay sinuri ang katangian ng mga pangunahing tauhan na si Tata Selo, ang pagiging mapagmahal, masipag, may pagpapahalaga sa ari-arian, may ipinaglalaman at may paninindigan, kabaliktaran naman nito ang mga katangian naman ni Kabesang Tano ang pagiging mata-pobre, mapagmataas at mapanakit. Sinuri din ang mga isyung panlipunan tulad ng tunggalian sa pagitan ng mahirap at mayaman, at ang simbolismo ng katarungan sa akda. Ang mga symbolismong istaked, gumapang ang luha sa pisngi, rehas, sinapo ng hepe, nakatingin sila kay Tata Selo na tila isang di pangkaraniwang hayop na itatanghal, nando'n amang si Saling sa Presidente at ag lahat ay kinuha na sa kanila ay nagpapakita lamang ng uri ng sistema ng katarungan sa Pilipinas. Ipinakita sa pag-aaral ang mapanupil na sistemang panlipunan na patuloy na umiiral, kung saan ang mga magsasaka ay nananatiling biktima ng karahasan, pang-aabuso at kawalan ng katarungan. Lumabas sa pagsusuri na ang akda ay replektibo ng realidad ng lipunang Pilipino noon at ngayon, na may layuning magbukas ng diskurso tungo sa higit na pag-unawa at pagbabago sa sistema ng lipunan, lalo na sa pagbibigay-proteksyon sa karapatan ng mga magsasaka.

Susing Salita: hindi pagkakapantay-pantay, karapatan, katarungan, magsasaka, Pilipino

2. Introduksyon

Ang mga magsasaka ang nagsisilbing tagapagtustos ng ating mga pangangailangan lalo na sa *supply* ng pagkain. Ang pagsasaka ang isa mga trabahong nangangailangan ng dugo't pawis. Sa kabila ng kanilang hindi matatawarang sipag, sila rin ang yaong nakararanas ng hindi magandang pagtrato sa lipunan. Sila ang naghihirap ng kakainin ng iba, sila pang nakararanas ng pang-aabuso at pagtapak sa kanilang mga karapatan. Ito ay patunay na hindi patag ang mundo, ang karapatan ay para lamang sa iilan, ito ay hindi para sa lahat. Langit at lupa kung maikukumpara ang antas ng tao sa lipunan. Ito ay nahahati sa dalawang estado, ang mayayaman, silang nakapagtatamo ng kasaganahan at mas may kapangyarihan na ginagamit upang manlupig ng taong nakababa sa kanila. Ang mahihirap naman, silang inaabuso, sila ang madalas na nakararanas hindi pantay na karapatan, kawalang katarungan at nagdurusa sa kamay ng nakatatasa. Kailangan ma'y hindi magkakaroon ng pantay na karapatan sa lahat kung patuloy na uusbong ang pagkakaiba-iba ng lebel ng tao sa lipunan.

Si Rogelio R. Sicat ay isang mahusay, tanyag at kinikilalang ng manunulat sa panitikan, na nakatanggap ng maraming pampanitikang premyo. Isa sa mga uri ng panitikang kanyang isinulat ay ang maikling kwento na may pamagat na "Tata Selo". Ayon kay Vallecera (2019), sinasalamang ng panitikan ang impit na hinaing ng buhay, ang mga panaghoy ng mga dalita, ang adhikain ng mga maralitang may layuning makawala sa kahirapang kinasasadlakan, ang mga di matakasang problemang kinakaharap ng nakararami, ang inasam- asam na pag-asa sa kabila ng kahirapan, at ang tamis na pagkamit ng isang minimithi. Dagdag pa, ang maikling kwento bilang panitikan ay lente ng may-akda na maihayag ang mga totoong pangyayari sa lipunan, ito ay lundayan ng saloobin at pananaw ng may-akda isang partikular na pangyayari. Natatangi ang akdang ito sapagkat ito ay nakapagkamit ng prestohiyosong parangal na Don Carlos Palanca Awards for Literature taong 1963. Nagkamit ang akdang Tata Selo ng ikalawang gantimpala para sa katagayang Filipino *division*. Naisulat ang kanyang kathang ito dahil sa usapin sa lupa. Noong 1963, nagkaroon ng batas sa ilalim ng dating Pangulo Carlos P. Garcia, ang Republic Act

No. 3844 of August 8, 1963 o ang Agricultural Land Reform Code, ito ay isang batas na ang layunin ay maihahon ang magsasaka sa pagkabilanggo sa lupang sinasaka at maipamahagi ang lupang sakahan nang naaayon sa nasabing batas at sa ating Saligang Batas. Kaya naman, nakatuon ang pagsusuring ito sa hindi pantay na karapatan ng mga tao sa lipunan nakapaloob at makikita sa akda upang galugarin sa mas malalim na aspeto ang maikling kwentong "Tata Selo".

Ang kawalan ng sariling lupa na isasaka ng mga magsasaka ang siyang nagpapahirap sa kanila. Patuloy ang tunggalian sa uri ng mga magsasaka at ng panginoong maylupa sa kanayunan, tunggalian na nagreresulta sa matitinding paglabag sa karapatang pantao at pagbubuwis ng buhay ng mga magsasaka. Sa pagnanais na iangat mula sa kahirapan ang mga magsasaka at itaas ng kaunti ang kanilang antas ng kabuhatan, nagpatupad ang pamahalaan ng iba't ibang programa na makatutulong sa mga magsasaka ngunit sa ulat ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas (KPM), pitu sa sampung magsasaka ang nananatiling walang lupa. Batay naman sa pag-aaral ni Alvarado (2019), sa nobelang Luha ng Buwaya ni Amado V. Hernandez, ang mga mga isyung panlipunan na nakita sa nobela ay mga paglabag sa karapatang pantao sa mga magsasaka gaya ng walang kalayaan sa pagpapahayag, karapatang magkaroon ng bahay at hindi pagkakapantay- pantay ng pagbabahagi ng produkto bilang manggagawa ng sakahan.

Samantalang ang mga isyung pampulitikang nakapaloob ay ang hindi pagkakapantay-pantay sa pananaw ng lipunan sa mahihirap at mayayamang tao at mas pinaboran ng korte ang may-ari ng bukid. Pinabulaan naman sa naging resulta ng pananaliksik ni Ulit (2017), ang makapangyarihang pwersa na nag-uudyok sa tao na makagawa ng karahasan at dahil sa pagkakahati sa uri ng tao sa lipunan dahil sa mga kapitalista, kung saan ang manggagawa ay kailangang makipagtagisan o makipagkompitensya sa iba, makikitang maitutulad ito sa digmaang ang lahat ay kailangang makipagtunggali upang mabuhay. Nagpapakita lamang sa mga nasabing pag-aaral ang kaugnayan nito sa ginagawang pagsusuri, sinisipat nito ang paglabag sa karapatang pantao ng mga magsasaka at hindi pagkakapantay-pantay sa lipunan.

Ang pag-aaral na ito ay mahalaga sa mga mag-aaral na kumuha ng asignaturang panunuring pampanitikan, kaguruan ng panitikan, mga nagpapakadaluhasa sa Filipino, lalong-lalo na sa mga magsasaka, mga organisasyong pang-agrikultura at mga kawani ng gobyerno. Magsisilbing gabay ang resulta ng pag-aaral na ito tungo sa pagbuo ng mga programa at batas na makapagbibigay benepisyo at mangangalaga sa mga karapatan ng mga magsasakang Pilipino. Ang pagsusuring ito ay makatutulong din sa pagpapaunlad at pagpapalawak ng kaalaman sa Panitikang Filipino.

Kaya naman, ang pag-aaral ito ay nakatuon sa pagsipat sa mga karaniwang suliranin ng mga magsasaka at mga isyung panlipunan na nakapaloob sa maikling kuwento ni Rogelio R. Sicat na pinamagatang "Tata Selo". Sa pagsusuri na ito binigyang tuon ang isyung hindi pagkakapantay- pantay at paglabag sa karapatang pantao.

Layunin - Ang maikling kwento na pinamagatang "Tata Selo" ni Rogelio R. Sicat ay sumasalamin sa mga suliranin ng mga magsasaka sa lipunang Pilipino. Magsisilbing tiyak na layunin ang mga sumusunod:

1. katangian ng mga tauhan,
2. isyu ng hindi pagkakapantay-pantay, at
3. simbolismo ng katarungan sa lipunang Pilipino.

Kaligirang Teoretikal - Ang maikling kwento bilang panitikan ay nagbubukas ng mga bagong simula sa dating mundong ginagalawan ng tao at nagbibigay ng mga aral na nais ikintal sa isip ng mambabasa dahil ito ay isang piyesa ng sining at paggaya ng buhay; ang paggayang ito ay hinubog sa karunungan ng tagapaglikha kaya ito ay maaaring dumaan sa panunuring pampanitikan (Arbusto, 2019). Ang pagsusuring ito ay nakasalig sa paniniwala ng mga teoryang eksistensiyalismo, marxismo, at sosyohikal. Sa pamamagitan ng mga teoryang ito, masisipat ng manunuri ang mga elementong saklaw sa pag-aaral at tutugon sa inilatag na mga layunin.

Ayon kay Brizuela (2016), ang teoryang eksistensiyalismo, ay nakaugat sa pilosopikal na ideya na ang mga tao ay may malayang pumili, at dahil sa kalayaang iyon, maaaring lumikha ang tao ng layunin at kahulugan sa kanyang buhay. Layunin ng teoryang ito na ipakita na may kalayaan ang tao na pumili o magdesisyon para sa kaniyang sarili na siyang pinakasentro ng kanyang pananatili sa mundo. Sa sarili mismo nakasalalay ang sariling kapalaran kaya malaya kang gawin ang mga bagay na sa pananaw mo ay makabubuti para sa iyong sarili. Nag-ugat ito noong unang bahagi ng 1800s, at ang unang pilosopo na gumalugad sa ng ideya ng eksistensiyalismo ay ang Danish na pilosopo na si Søren Kierkegaard at kilala bilang “Ama ng Eksistensiyalismo”. Sa teoryang ito hinahanapan ng katibayan ang kahalagahan ng personalidad ng tao at binibigyan halaga ang kapangyarihan ng kapasyahan laban sa katuwiran.

Gamit ang teoryang eksistensiyalismo, bibigyang-tuon ng manunuri ang katangian ng tauhan sa kanyang kakayahang pumili at pagtanggap sa mga panganib at responsibilidad na kaakibat nito, na siyang pinakasentro ng kanyang pananatili sa mundo, hinahanapan din ng manunuri ng katibayan ang kahalagahan ng personalidad ng tauhan na binibigyan halaga ang kapangyarihan ng kapasyahan laban sa katuwiran. At pagsusuri sa mga gawi, kilos, paninindigan ng mga tauhang nakapaloob sa akda.

Nakasalig din ang pagsusuring ito sa teoryang marxismo. Ang teoryang ito ay nagsimula sa isang lipon ng doktrina na pinaunlad nina Karl Marx at Friedrich Engels. Ang teoryang ito ay tumatalakay sa buhay, kalagayan at kaugnayan ng mga uring manggawa sa uring makapangyarihan sa lipunan. Batay din sa teorya, may iba't ibang antas ng tao sa lipunan. Ayon sa libro ni Marx na "The Communist Manifesto", ito ang alitan sa pagitan ng isang klaseng nag-aari na kumokontrol ng produksyon (bourgeoisie-dominant class) at isang mas mababang klase na lumilikha ng paggawa para sa mga kalakal (proletariat-subordinate class). Layunin ng teoryang ito na ipakita na ang tao ay may sariling kakayahan na umangat. Dito ay nais na ihatid sa tao ang kakayahan na bumangon mula sa pagkakalugmok.

Batay sa pananaw ng teoryang marxismo, gagamitin ito ng manunuri upang maunawaan ang akda batay sa kalagayan ng mga tauhan sa lipunan. Hahanapan ng manunuri ang akda ng mga naglalabasang lakas sa pagitan ng mahina at malakas, duwag at matapang, mahirap at mayaman na mag reresulta sa magiging kalagayan sa buhay at kapalaran ng mga tauhan. Bibigyang pansin din ng manunuri ang pananaw na umiiral na tunggalian sa tauhan sa tauhan at tauhan sa lipunan, buhat sa mga pagdurusang dulot ng lipunan.

Nakabatay din ang pagsusuring ito sa teoryang sosyolohikal. Ayon kina Robante (2023), nabanggit niya rito na ayon kina Castillo (2019), sa dulong na sosyolohikal natatalakay ang mga kalagayang sosyal, ang kapamuhayan, ang mga sitwasyong nag-uudyok ng karahasan, nagtutulak sa tao sa ganoon at ganitong buhay, mga pagkakataong nagiging sanhi o bunga ng mga pang-aapi at pag-aapi, pagkaduhagi o kaya'y kadakilaan, kagitingan, kabayanihan ng isang tao o pangkat ng tao. Ang teoryang ito ay may paksang nagbibigay ng kaapihang dinanas ng tauhan sa kwento. Ang akda rin ay nagiging salamin sa mga tunay na nangyayari sa lipunan. Layunin ng teoryang ito na ipakita ang kalagayan at suliraning kinahaharap ng lipunang kinabibilangan ng may-akda.

Samakatuwid, ang mga teoryang sosyolohikal ang magsisilbing gabay sa pagsusuri sa akda dahil sisipatin ng manunuri ang pakikibaka, kaapihang dinanas ng tauhan sa lipunan, sitwasyong nagtulak sa karahasan o nagging sanhi at bunga nito at kasaysayang pinagluwalan nito o ang lipunang kinabibilangan ng may-akda na siyang nagluwal ng akdang ito. Magsisilbing gabay ang mga teorya sa pagsusuri sa maikling kwentong isinulat ni Rogelio R. Sicut. Nakatuon ang teoryang eksistensiyalismo sa katangian ng tauhan sa kanyang kakayahang pumili at pagtanggap sa mga panganib at responsibilidad na kaakibat nito, samantalang gagamitin ang teoryang marxismo upang maunawaan ang akda batay sa kalagayan ng mga tauhan sa lipunan. At gamit naman ang sosyolohikal na pananaw, matutukoy ang mga kalagayang sosyal, ang mga sitwasyong nag-uudyok ng karahasan o nagtutulak sa tao sa ganoon at ganitong buhay, mga pagkakataong nagiging sanhi o bunga ng mga pang-aapi at pag-aapi, at kalagayan at suliraning kinahaharap ng lipunang kinabibilangan ng may-akda. Sa kabuuan, ang pag-aaral na ito ay naglalayong mabatid ang mga karaniwang suliranin sa karapatan at hindi pagkakapantay-pantay

sa lipunan na masasalamain sa akdang "Tata Selo".

Kahalagahan ng Pag-aaral - Ang pag-aaral na ito ay mahalaga sa mga mag-aaral lalo na ang kumukuha ng kursong panunuring panitikan, ang mga mag-aaral ay kailangang maging mulat at kritikal sa mga isyung panlipunan, partikular sa usapin ng diskriminasyon, representasyon, at karapatang pantao. Mahalaga ang paggamit ng panitikan bilang salamin ng lipunan upang hubugin ang kamalayan, empatiya, at pakikilahok sa mga isyung panlipunan. Ang mas malalim na pag-unawa sa mga tekstong pampanitikan ay nagbibigay-daan sa mas aktibong pakikilahok ng mga kabataan sa usapin ng katarungan at pagkakapantay-pantay. Dagdag pa, mahalaga din ito para sa mga guro sapagkat kailangang piliin ng mga guro ang mga tekstong pampanitikan na may temang panlipunan at makabuluhang diskurso upang maging mas makabuluhan ang talakayan sa klase. Ang pagtuturo ng panitikan ay hindi lamang dapat limitado sa estetika kundi dapat ay magsilbing daan tungo sa kamalayang panlipunan at pagbubuo ng pananaw sa katarungan.

Dapat palakasin ng guro ang pagtuturo ng mga kasanayang kritikal (critical thinking) upang mahasa ang mga mag-aaral sa pagsusuri sa mga isyung panlipunan., nagpapakadalubhasa sa Filipino, at higit sa lahat ito ay mahalaga sa mga magsasaka, mga organisasyong pang-agrikultura at mga kawani ng gobyerno. Magsisilbing gabay ang resulta ng pag-aaral na ito tungo sa pagbuo ng mga programa para sa mga magsasakang Pilipino, pagkakaroon ng mga hakbangin o batas na magbibigay proteksyon sa kanilang mga karapatan at pagbuo ng kamalayan sa mga isyung panlipunan batay sa sinuring maikling kuwento sa lipunang Pilipino. Ang pagsusuring ito ay makatutulong din sa pagpapaunlad at pagpapalawak ng kaalaman sa Panitikang Filipino.

Saklaw at Limitasyon ng Pag-aaral - Saklaw ng pag-aaral na ito ang pagsusuri sa suliraning panlipunan na kinahaharap ng mga magsasakang Pilipino na nakapaloob sa akda ni Rogelio R. Sicat na pinamagatang "Tata Selo". Nilimitahan ang pag-aaral na ito sa pagtukoy sa katangian ng tauhan, isyu ng hindi pagkakapantay-pantay at simbolismo ng katarungan sa lipunang Pilipino na makikita sa akda.

3. Natuklasan

Makikita sa bahaging ito ang resulta ng isinagawang pagsusuri gamit ang tatlong teorya – eksistensiyalismo, marxismo, at sosyolohikal.

3.1 Katangian ng mga Tauhan

Ang lipunan ay binubuo ng iba't ibang uri ng tao, mula sa pisikal na anyo, estado sa buhay at maging katangiang taglay. Pinagbubuklod-buklod ang tao dahil sa katangian ng bawat isa na iiba sa lahat. Mababanaag din dito ang mga resulta o bunga ng mga katangiang pinairal sa isang konteksto. Gamit ang teoryang eksistensiyalismo, sinipat nang mabuti ng manunuri ang mga katangian ng mga tauhan partikular na si Tata Selo at Kabesang Tano na replektibo sa akda ni Rogelio R. Sicat na Tata Selo. Makikita sa sumusunod na talahanayan ang iba't ibang katangian at kahulugan nito na nakapaloob sa akdang sinuri.

Talahayan 1

Katangian ng mga Tauhan

Katangian	Pagpapakahulugan
	Tata Selo
Mapagmahal	Likas na sa bawat ama maging pagmamahal sa anak, hindi man nila masabi ng tahasan, makikita naman ito sa pamamagitan ng kanilang pagbibigay ng mga pangangailangan ng pamilya. Ang katangiang ito ni Tata Selo ang puno't dulo ng lahat dahil hanggang sa huli ay inisip niya ang kapakanan ng kaniyang anak kung sakaling tuluyang mawala ang sakahan bilang tanging ari-arian.
Masipag	Bilang haligi ng tahanan, na siyang nagbibigay ng mga pangangailangan ng pamilya kahit na sila'y matanda na. Hindi nila iniisip ang kanilang sarili, kundi mas inuuuna nilang isipin ang kakainin ng kanilang anak at asawa.

	Ang katangiang ito ni Tata Selo ang nag udyok sa kanya na mas sipagan pa sa likod ng katandaan matubos lamang ang kanyang sakahan na naembargo.
May pagpapahalaga sa ari-arian	Ang bawat magsasaka ay may malaking pagpapahalaga sa kanilang lupain, ito man ay malaki o maliit, ito man ay kanila o sinasaka lamang. Ito ang kadugtong ng kanilang buhay, labis na pagpapahalaga ang ibinigay nila dito sapagkat ito ang nagbibigay ng kanilang ikinabubuhay.
	Ang katangiang ito ng pangunahing tauhan ang nag-udyok sa kanya na isulong ang kanyang karapatan sapagkat kanya ang lupain at nais niya itong mapasakanya muli upang maipagamot ang kanyang nag-iisang anak.
May ipinaglalaban	Sa buhay ng tao, kung para sa iyo ay tama ka at nais mong ipaglaban ang iyong karapatan ay walang makapipigil sa iyo. Ang bawat tao ay may iba't ibang perspektiba kung ano ang tama at mali, may mga moral ding itinakda ng lipunan sa kung ano ang tama, at ang kaparusahan para sa maling ginawa.
	Ang katangiang ito ni Tata Selo ay nagresulta ng pagtaga niya sa Kabesa dahil ayaw na siya nitong pagsakahin sa dating sakahan, siya ay tinungkod ng tinungkod kaya tinaga siya ni Tata Selo.
May paninindigan	Anuman ang kanyang napiling desisyon at ang magiging bunga nito ay nangangailangan ng paninindigan, ikaw mismo ang pumili ng desisyon na yaon at ikaw rin ang haharap sa resulta nito.
	Ang katangiang ito ni Tata Selo ay namutawi hanggang sa katapusan ng kwento, ipinaliliwanag niya sa bawat taong nagtatatanong sa kanya ang tungkol sa nangyari, at paulit-ulit niya namang isinasalaysay ang kanyang nagawa ng may paninindigan.

Sa kasalukuyan ay may 8.5 milyong pamilyang magsasaka ang Pilipinas. Halos sa ganitong bilang din ang mga magsasakang nakararanas ng hindi pantay na oportunidad at pagtingin ng iilang naghaharing uri sa lipunan. Ang kanilang trabaho at katangiang taglay ang bumubuhay sa 118,232,049 na populasyon ng Pilipinas (Philippine Population n.d.) Ayon nga kay Pascual (2021), bayaning matuturing ang mga magsasaka sa ating bayan. Sa kanilang pagod nagmumula ang katiyakan ng pagkain sa ating lipunan. Sa kanilang pawis tumutubo ang mga pananim na bumubuhay sa mga mamamayan. Sa kabila ng kanilang paghihirap, hindi kinikilala ng lipunan ang serbisyong inaalay nila sa bayan. Sila ay lagi na lamang maralitang manlulupa at hindi napapansin ng bayan. Sa bahaging ito ay ilalahad ng manunuri ang mga katangian ni Tata Selo bilang pangunahing tauhan.

Tata Selo. Bilang isang ama at magsasaka ay magtataglay ng mga katangiang mapagmahal, masipag, may pagpapahalaga sa ari-arian, may ipinaglalaban at may paninindigan. 1) Taglay niya ang katangiang **mapagmahal**, likas na sa bawat ama na may pagmamahal sa anak, hindi man nila masabi ng tahasan, makikita naman ito sa pamamagitan ng kanilang pagbibigay ng mga pangangailangan ng pamilya. Batay sa artikulo ni Alipio- Luzande (2024), una sa katangiang dapat na taglayin ng isang mabuting ama ay ang pagiging mapagmahal. Hindi matutumbasan ng kahit anong bagay at pera ang pagmamahal ng mga magulang. Ang pagmamahal ni Tata Selo ay makikita sa pahayag na;

“Nagyakap ang mag-ama pagkakita.”. “Hindi ka na sana naparito Saling,” wika ni Tata Selo na napaluhod. “May sakit ka, Saling, may sakit ka!”.

Ang pahayagan na ito ay nagpapakita ng pagmamahal at pagmamalasakit sa anak na may sakit upang hindi ito madamay sa suliraning kinasasangkutan. 2) Dagdag pa, siya rin ay **masipag**, bilang haligi ng tahanan, na siyang nagbibigay ng mga pangangailangan ng pamilya kahit na sila'y matanda na. Hindi nila iniisip ang kanilang sarili, kundi mas inuuuna nilang isipin ang kakainin ng kanilang anak at asawa. Ginugugol nila ang kanilang buhay sa bukid, ito na ang kanilang pang-araw-araw na gawi't pinupuntahan. Ang kanilang kasipagan

ay maihahalintulad sa mga kalabaw. Ayon kay Gara (2022), parehong kalagayan sa paggawa ng mga kalabaw at magsasaka, at kung paanong sinasalamang ng imahen ng kalabaw ang kalagayan ng mga magsasaka sa agrikultural na pamumuhay. Ito ay masisipat sa pahayag na;

"Besa. Totoo pong ako'y matanda na, ngunit ako pa nama'y malakas pa".

Sa likod ng katandaan, kasipagan at deteminasyon ang nanalaytay kay Tata Selo, pinipilit niyang makapagtrabaho para sa kanyang pamilya. 3) Ang bawat magsasaka ay kakikitaan ng **pagpapahalaga sa ari-arian**, ang bawat magsasaka ay may malaking pagpapahalaga sa kanilang lupain, ito man ay malaki o maliit, ito man ay kanila o sinasaka lamang. Ito ang kadugtong ng kanilang buhay, labis na pagpapahalaga ang ibinigay nila dito sapagkat ito ang nagbibigay ng kanilang ikinabubuhay. Anuman ang mangyari hanggang sa dulo ay ipinaglalaman nila kung ano ang sa kanila, tulad ng ginawa ni Tata Selo.

Hindi makikita sa kanya ang pagbitaw sa kanyang lupain, ito ay makikita sa pahayag na;

"Bakit niya babawiin ang saka?" tanong ng Tata Selo. "Dinaya ko na ba siya sa partihan? Tinuso ko na ba siya? Siya ang may-ari ng lupa at kasama lang niya ako. Hindi ba't kaya maraming nagagalit sa akin ay dahil sa ayaw kong magpamigay ng kahit isang pinangko kung anihan?"

Dahil sa nangyaring hindi inaasahan ay namutawi sa maikling kwento ang katangian na may **ipinaglalaman at paninindigan**. Sa buhay ng tao, kung para sa iyo ay tama ka at nais mong ipaglaban ang iyong karapatan ay walang makapigil sa iyo. Ang bawat tao ay may iba't ibang perspektiba kung ano ang tama at mali, may mga moral ding itinakda ng lipunan sa kung ano ang tama, at ang kaparusahan para sa maling ginawa. Hanggang sa huli ng kwento ay ipinaglalaman niya kung ano ang para sa kanya ay tama, hindi niya na inisip ang sasabihin ng ibang tao. Anuman ang napiling desisyon at ang magiging bunga nito ay nangangailangan ng paninindigan, ikaw mismo ang pumili ng desisyon na yaon at ikaw rin ang haharap ng resulta nito. Kung ano ang ipinaglalaman ay nararapat na panindigan. Ito ay makikita sa mga pahayag na;

"Ako po'y hindi ninyo nauunawaan," alam po ba ninyong dating amin ang lupang iyon? Naisangla lamang po nang magkasakit ang aking asawa, naembargo lamang po ng Kabesa."

"Pangarap ko pong bawiin ang lupang iyon kaya nga po ako hindi nagbibigay ng kahit isang pinangko kung anihan. Kung hindi ko na naman po mababawi, masasaka man lamang po nakikiusap po ako sa Kabesa."

Ang bawat katangiang taglay ni Tata Selo ay ginalugad gamit ang teoryang eksistensiyalismo. Ang mga katangiang mapagmahal, masipag, may pagpapahalaga sa ari-arian ay makikita sa unang bahagi ng kwento, habang ang mga katangiang may ipinaglalaman at may paninindigan ay namutawi sa bahaging napatay niya ang Kabesa, sa kanyang kakayahang pumili at pagtanggap sa mga panganib at responsibilidad na kaakibat nito, na siyang pinakasentro ng kanyang pananatili sa mundo. Dahil sa nangyari, ang desisyong napili ay dahil sa para sa kanya ay nararapat at ang naging resulta nito'y pagkakabilanggo. Sa Pilipinas ay hindi na mabilang ang ganitong kaso ng mga magsasaka, ito ba'y kanilang kasalanan o ito ba'y pagtatanggol lamang sa kanilang karapatan at katarungan. Ayon sa ulat ng Philippine Statistics Authority noong 2017, 43.4% ang *poverty incidence* ng mga magsasaka. Kung kaya, nananatiling isang malaking kabalintunaan na ang mga magsasaka, na siyang dapat na tumatayong haligi ng isang bansang agrikultural ay hindi lamang nalulugmok sa kahirapan – nababahala na rin sila sa kanilang kaligtasan.

Ang katangian ng tao ay likas na sa kanya ngunit may mga katangiang umusbong dahil sa kahingian ng sitwasyon. Ang mga ipinakitang katangiang ng pangunahing tauhan ng maikling kwento na si Tata Selo, maging ang mga pagpapasyang napili, ito ay kanyang kalayaan ngunit kapalit naman nito'y ang mga resulta ng napiling pagpapasya. Hindi man naging maganda ang naging resulta ng desisyon ni Tata Selo ngunit hindi masisi ng tao kung bakit ganon ang kinahinatnan may mga dahilan at nagbunsod sa kanya na gawin ang bagay na iyon.

Ang lipunan ay binubuo ng magkaibang katangian ng tao. Masisipat sa sunod na talahanayan ang ilang mga katangian ni Kabesang Tano sa maikling kwento. Sa lente ng mga mapang-api na sumasalamin kay Kabesang Tano, ang pag-usbong ng konpliksyon sa lupa ay buhat ng opresado't gahaman na pamalalakad ng mga naghaharing uri ng lipunan.

Talahayan 2

Katangian ng mga Tauhan

Katangian	Pagpapakahulugan
	Kabesang Tano
Matapobre at mapagmataas	Ang mga taong may lupa, silang mas makapangyarihan ay hindi malayong tingnan ang kanilang kapwa na ito'y nakabababa ito sa kanila. Ang katangiang ito ng kabesa ay nagbunga ng panlulupig sa magsasakang si Tata Selo, dahil naembargo niya ang lupain ng matanda kahit na wala itong ginagawang masama at nagtatrabaho lamang ay sinabihan niya ang matanda na huwag na itong magsaka sa nasabing lupa.
Mapanakit	Hindi maipagkakailang mapagmalabis ang mga may ari ng lupa. Isa ka katangian upang hindi malamapsan ng iba. Ang katangiang ito ng kabesa ay ang pananakit niya kay Tata Selo, tinungkod niya ito ng tinungkod ng walang sapat na dahilan at nagresulta ng pananaga sa kanya.

Patuloy na naghahari ang mga panginoong may lupa. Ang mga nasabing katangian ni Kabesang Tano ay nakita ng manunuri sa maikling kwento. Ang ganitong uri ng tao ay hindi mawawala sa lipunang Pilipino, maliit man ang kanilang bilang sa lipunan sila naman ang mas nasusunod kaysa sa nakararami.

Kabesang Tano. Ang katangian niyang mapapobre, mapagmataas at mapanakit. 1) Siya ay **matapobre at mapagmataas**, ang mga taong may lupa, silang mas makapangyarihan ay hindi malayong tingnan ang kanilang kapwa na ito'y nakabababa ito sa kanila. Sinasalamang ni Kabesang Tano ang mga katangiang mayroon ang mga taong mapagsamantala sa mga taong mas mababa kaysa sa kanila. Hindi mawawala ang mga ganitong uri ng tao sa lipunan. 2) Siya rin ay **mapanakit** ng kapwa, hindi maipagkakailang mapagmalabis ang mga may ari ng lupa. Isa ka katangian upang hindi malamapsan ng iba. Nais nilang walang nakaaangat sa kanila upang manatili silang nakatataas. Narito ang mga katagang nagtulak kay Tata Selo ba gawin ang kahindik-hindik na krimen na nagresulta sa pagkamatay ni Kabesang Tano. Ito ay masisipat sa mga katagang;

“Walang anu-ano po, tinawag niya ako at nang ako po’y lumapit, sinabi niyang makakaalis na ako sa aking saka sapagkat iba na ang magsasaka.”

“Nilapitan po niya ako. Nakiusap pa po ako sa kanya, ngunit ako po’y... Ay! Tinungkod po niya ako ng tinungkod nang tinungkod.” at “Binawi niya ang aking saka kaya tinaga ko siya.”

Gamit pa rin ang teoryang eksistensiyalismo ang mga katangian at gawi ni Kabesang Tano ay kaakibat nito ang mga desisyong kanyang napili. Hindi maganda ang kanyang mga katangian kaya't nagbunga ito ng hindi maganda, ang ginawa niya kay Tata Selo ay bumalik lamang sa kanya. Hindi naman dahil sa kanyang ginawa ay narapat na siyang patayin sa mata ng Diyos at batas ng tao ay mali pa rin si Tata Selo ngunit may ipinaglalabang karapatan si Tata Selo, may kamaliang ginawa si Kabesang Tano at ito ay maaaring magresulta din ito sa pagpatay sa matanda kung sakaling hindi siya tinaga. Hindi na bago ang mga taong may ganitong uri ng tao. Sa katuyan, sa naging resulta ng pag-aaral ni Hechanova (2010), milyon-milyong manggagawa sa agrikultura sa buong Pilipinas na nalulugmok sa kahirapan ng buhay dahil sa pananamantala ng iilang naghaharing uri sa lipunan.

Ang katangian ng tao ay nahahati sa dalawa ang mabait at masamang kaugalian. Sa malalimang pagsusuri

ng manunuri ay napag-alaman ang mga namutawing katangian, gamit ang teoryang eksistensiyalismo nagalugad ang mga pagpapasya ng mga tauhan at ang mga naging bunga nito.

3.2 Isyu ng hindi Pagkakapantay-pantay

Sa mundong hindi patag at sa lipunang hindi pantay ay nangingibabaw ay taong mas angat ang buhay at mas mataas ang estado sa lipunan. Kailanma'y ay hindi magiging pantay ang mga bagay sa mundo kung may mga naghaharing uri at kung may mga manlulupig. Sa bahaging ito ay sisipatin ng manunuri ang isyung hindi pagkakapantay-pantay na makikita sa akda gamit ang teoryang marxismo at kahulugan nito na nakapaloob sa akdang sinuri.

Talahanayan 3

Isyu ng hindi Pagkakapantay-pantay

Isyu ng hindi Pagkakapantay- pantay	Pagpapakahulugan
Magsasaka at panginoong may lupa	Hindi pantay na pagtingin ng mga may ari ng lupa sa mga nagtatrabaho sa kanila, hindi makataong pagtrato dahil sila ay magsasaka lamang at hindi nila pagmamay-ari ang lupang sinasaka.
Mahirap at mayaman	Ang mga may mataas na antas sa lipunan ay yaong mas pinapaburan, pinaniniwalaan at nakararanas ng mga mas maraming oportunidad. Ang mga nasa taas ay patuloy na tumataas, kabaliktaran na nangyayari sa mga nasa laylayan. Pinakikinggan at pinapanigan lamang ang taong may kapangyarihan, silang maraming pera't kayamanan. Kapag ang mahirap ang nakagawa ng krimen ay krimenal na kung maituturing kapag naman may kapangyarihan ang nakagawa ng kasalanan ay ligtas sa batas at kinauukulan.
Mahina at malakas	Sa paggawa ito ay nangangailangan ng kalakasan ngunit hindi naman nararapat na tanggalin ng parang bula ang isang magsasaka kung para sa iyo'y hindi na ito kapaki-pakinabang.

Ang pagkakahati sa lipunan ay masasalamain sa mga nagtutunggaliang uri. Ito ay patuloy na nananalasa. May mas maliit man na bilang ang mga kapitalista kaysa sa mga manwal na manggagawa, makikitang sila ang nagpapatakbo sa lipunan. Sa bahaging ito ay ilalahad ng manunuri ang mga tunggalian sa lipunan at ang hindi pagkakapantay-pantay gamit ang teoryang marxismo.

Ang hindi pagkakapantay-pantay ay makikita sa akdang Tata Selo, ito ay inilahad ng manunuri sa talakayan 3. 1) Isa na rito ang **magsasaka at panginoong may lupa**, hindi pantay na pagtingin ng mga may ari ng lupa sa mga nagtatrabaho sa kanila, hindi makataong pagtrato dahil sila ay magsasaka lamang at hindi nila pagmamay-ari ang lupang sinasaka. Sa katunayan batay sa Food and Agriculture Organization of the United Nations (2022), noong 2010, humigit kumulang na 70% ng mga magsasaka ang walang lupa at 2.9 milyong malilit na may-ari ng lupa ang may karaniwan o average na sukat ng sakahan na 2.01, habang himigit-kumulang sa 13,000 na may-ari ng lupa ang nagmamay-ari ng hanggang 20,000. Nagpapakita lamang ito na napakaraming magsasaka ang patuloy na nakikipaglaban sa mga may ari ng lupa sa mga lupain. Ito ay mababanaag sa pahayag na;

“Dating amin ang lupang iyon. Naisangla lamang po nang magkasakit ang aking asawa, naembargo lamang po ng Kabesa. Kung hindi ko na naman po mababawi, masasaka man lamang po nakikiusap po ako sa Kabesa.”

Sunod ay ang pagiging **mahirap at mayaman**, ang mga may mataas na antas sa lipunan ay yaong mas pinapaburan, pinaniniwalaan at nakararanas ng mga oportunidad. Ang mga nasa taas ay patuloy na tumataas, kabaliktaran na nangyayari sa mga nasa laylayan. Sinasalamain ng lipunan ang pang-aapi ng mayayaman sa mahihirap gamit ang kanilang yaman habang ang mga mahihirap ay nakatatanggap ng hindi patas na pagtingi at

pagtrato. Ang tinig na kadalasang pinakikingan sa pamahalaan maging sa hukuman ay mayayaman. Sa mga kasong kasangkot ang mayayaman, lagi silang nagwawagi at ang kawawang mahihirap ay umuwing luhaan (Alvarado, 2019). Ito ay makikita sa bahaging;

"Kupas ang gris niyang suot, may mga tagpi na ang siko at paypay. Ang kutod niyang yari sa matibay na supot ng asin ay may bahid ng natuyong putik." At "Ang binatang anak ng pinakamayamang propitaryo sa San Roque, na tila isang magilas na pinunong bayan nakalalahad sa pagitan ng maraming tao sa istaked. Mataas ito, maputi, nakasalaming may kulay, at nakapamaywang habang naninigarilyo.

Mahina at malakas, sa paggawa ay kailangan sapagkat ang pagsasaka at gawaing bukid ay hindi madali. Sa paggawa ito ay nangangailangan ng kalakasan ngunit hindi naman narapat na tanggalin ng parang bula ang isang magsasaka kung para sa iyo'y hindi na ito kapaki- pakinabang. Madaling binabalewala ang mga taong sa tingin nila ay hindi na magagamit, ito ay madalas na mangyari sa mga trabaho. Ito ay makikita sa pahayag na;

"Alam ko pong pinanonood ako ng kabesa, kung kaya po naman pinagbuti ko ang paggawa, para malaman niyang ako po'y talagang malakas pa, kaya ko pa pong magsaka. 'Bakit po naman, 'Besa?' tanong ko po. Ang wika'y umalis na lang daw po ako. 'Bakit po naman, 'Besa?' Tanong ko po uli, 'malakas pa po naman ako, a.'"

Ginalugad ng manunuri ang isyung hindi pagkakapantay-pantay gamit ang teoryang maexismo, napag alaman ang mga ugnayan at hidwaan ang mga antas sa lipunan. Ang tunggalian sa pagitan ng mga kapitalista (brugesya) at manggagawa (proletaryado) ay umiiral sapagkat ang mga kapitalista ay naghahangad ng mas malikingtubo habang ang mga manggagawa naman ay naghahangad ng masmalaking pakinabang mula sa kanyang lakas-paggawa. Dolot at Sarrol (2020), sa bawat bukirin ay may samu't saring problema at balakid na kinakaharap ang ating mga magsasaka; bukod sa hirap na dinaranas dahil sa pisikal na pagtatrabaho, nariyan din ang pananamantala ng mga kapitalistang kompanya at panginoong may lupa na nagbubunga ng mga isyu sa lupain gaya ng pananangkam, piyudalistikong pamamalakad, at tila mabagal na pag-usad ng teknolohiya sa larangan ng agrikultura. Dagdag pa sa artikulo ng Philippine Revolution Web Central (2018), laganap ang mga kaso ng pagpapalayas sa mga magsasaka, mangingisda at masang minorya sa kanilang lupang sinasaka o lupang ninuno.

Sa kabuuan ang mga tunggalian sa lipunan ay dahil sa hindi pantay na uri ng lipunan, na magpahanggang ngayon ay patuloy na nakikita't nararanasan. Ang mga diskriminasyon ay patuloy na umiiral, kaya't patuloy na maririnig ang mga hinaing at sigaw ng mga nasa laylayan na magkaroon ng pantay na trato kahit na may iba't ibang klase ng tao sa lipunan. Napakahirap na paglalakbay at napakaraming hadlang upang makamit ang minimithing pantay mna karapatang pantao tulad na lamang ng naging karanasan ni Tata Selo.

3.3 *Simbolismo ng Katarungan sa Lipunang Pilipino*

Ang katarungan ay hindi para sa lahat, ito ay para sa iilan lamang. Mahirap matamasa ang katarungang ninannais. Masalimuot ang buhay ng mga Pilipinong hindi patas ang natamong paghuhusga. Maraming Pilipino ang nagdurusa sa bulok na sistema at ang pakikibaka ng sambayanang nasa laylayan. Ang sigaw ng lahat ay tunay na katarungan, demokrasya at kalayaan.

Sa bahaging ito, bibigyang-tuon ng manunuri ang mga simbolismo ng katarungan na nakapaloob sa akda. Gamit ang teoryang sosyolohikal, sisipating mabuti ng manunuri ang mga simbolong nagpapakita ng malalim na kahulugan ng katarungan sa lipunang Pilipino. Makikita sa bahaging ito kung paano binigyang kulay ng makata ang pagkamit o pagkakaroon ng katarungan.

Talahanayan 4

Simbolismo ng Katarungan sa Lipunang Pilipino

Simbolo	Pagpapakahulugan
Istaked	Ito ay sumisimbolo ng bilangguan.
Gumapang ang luha sa pisngi	Ang sakit sa damdaming kinasisisidlakan ng taong nabilango.
Sinapo ng hepe	Pinagmamalupitan ng taong nakauniporme o yaong mga alagad ng batas at isinusilong ang pagkamit ng karapatan.
Nakatingin na tila isang di pangkaraniwang hayop na itatanghal	May iba't ibang pagkadismaya at tingin ng taong nangungutya.
Nando'n tanggapan ng Presidente	Nagpapakita ng pagnanasa sa anak ng nagkasala.
Nando'n amangsi Salingsa Presidente	Mga taong nawawalan ng pag-asa.

Ang karapatang pantao ay nilabag, hindi ibig sabihin ay magkakaroon ng pantay na katarunungan ang dalawang panig. Ang Pilipinas ay mapanganib na bansa para sa mga nagkasala, sapagkat hindi pantay ang paghuhusga na ibinigay sa kanila. Ang hindi magandang sistemang ito ay nagpapakita lamang ng bulok na pamamalakad at hindi pagbibigay halaga sa katarungan sa bansa.

Simbolismo ng katarungan sa lipunang Pilipino ay ang sumusunod. **Istaked** ito ay sumisimbolo ng bilangguan, isang masalimoot na lugar para sa mga nakagawa ng kasalanan. Sinisimbolo nito ang napakaraming tao na may iba't ibang kwento, pinagdaanan at patuloy na nakikipaglaban. Katulad na lamang ng nasa akda, si Tata Selo ay nakulong, maraming nagtutulakan at nagsisiksikan upang siya ay masilayan, iba't ibang komento ng tao ng makita siya sa loob ng istaked. Ito ay mapapatunayan sa bahagi ng maikling kwento na;

"Nasa loob ng istaked si Tata Selo. Mahigpit na nakahawak sa rehas.

Sunod na simbolo ay **gumapang ang luha sa pisngi**, ang sakit sa damdaming kinasisisidlakan ng taong nabilango. Hindi nino man maiintindihan ang bagay na hindi mo naman nararanasan. Iyak na lamang at patuloy na pagpapaliwanag ang nagagawa ni Tata Selo, siya ay nanlumo sa nangyari ngunit hindi niya naman ito ginusto, marahil ay nadala lamang siya ng pangyayari. Ito ay mababanaag sa bahaging;

"Lumunok si Tata Selo. Nang muli siyang tumingin sa presidente, may nakasungaw nang luha sa kanyang malalabo at tila lagi nang may inaaninaw na mata".

Rehas, ay nagrerepresenta ng pagpigil sa taong makawala at pagbayaran ang nagawang kasalanan. Ito ang hantungan ng mga taong nilabag ang mga karapatang pantao ng kapwa, ngunit ang iba sa kanila ay walang kasalanan, nadiin lamang o pinagbintangan, ang iba naman ay may rason sa ginawang krimen at ang iba ay totoong nagkasala. Iba't ibang tao ang nasa loob nito, maging ang kanilang mga kasalanan at kwento. Ito ay makikita sa bahagi ng kwento na;

"Namuti ang mga kamao ni Tata Selo sa pagkakahawak sa rehas. Lalong humigpit ang pagkakahawak ni Tata Selo sa rehas. Hindi pa nakakausap ng alkalde si Tata Selo."

Sinapo ng hepe si Tata Selo, pinagmamalupitan ng taong nakauniporme o yaong mga alagad ng batas at isinusulong ang pagkamit ng karapatan. Ito ay hindi na iba sa sistemang Pilipino. Ang mga pulis na nananakit ng mas mahina sa kanila. Ano pa't may mga batas kung sila lang din ang lumalabag dito. Ang pagmamalupit ng mga pulis sa mga nagkasala ay hindi katanggap-tanggap tulad ng ginawa kay Tata Selo na makikita sa mga bahagi ng kwento na;

"Sinapo ng hepe si Tata Selo. Sa lapag halos mangunderod si Tata Selo. Itinayo ng hepe si Tata Selo. Kinadyot ng hepe si Tata Selo sa sismura. Sa sahig napaluhod si Tata Selo, nakakapit sa uniporment kaki ng hepe."

Nakatingin sila kay Tata Selo na tila isang di pangkaraniwang hayop na itatanghal, may iba't ibang pagkadismaya at tingin ng taong nangungutya. Ang mga taong hindi ininaalam ang tunay na nagyari, sila ay agad na pumanig at naniniwala kaagad ayon sa kanilang nakita at narinig. Ang diskriminasyon ay makikita sa kanilang mga mata. Ito ay mababanaag sa bahaging;

"Karamihan ay taga-Poblacion. Hanggang noon, bawat isa'y nagtataka, hindi makapaniwala, gayong kalat na ang balitang ililibing kinahapunan ang Kabesa. Nagtataka at hindi makapaniwalang nakatingin sila kay Tata Selo na tila isang di pangkaraniwang hayop na itatanghal."

Nando'n si Saling sa Presidente, nagpapakita ng pagnanasa sa anak ng nagkasala. Patuloy na ibinababa ang taong tulad ni Tata Selo. Ang anak nitong pinakamamahal at dahilan ng kanyang pagpupursigi ay ginamit na panlaban nito para sa kanya. Ang tangi niyang pag-asa ay babahiran pa ang dignidad dahil lamang sila ang may makapangyarihan. Ito ay makikita sa pahayag na;

"Nando'n amang si Saling sa Presidente," wika ni Tata Selo. "Yayain mo nang umuwi, umuwi na kayo." Muling bumagsak ang kanyang mukha sa lapag."

Ang lahat ay kinuha na sa kanila, mga mamamayang nawawalan ng pag-asa. Ito ay para sa kanila ay nararapat na ring wakasan ang kanilang buhay. Ang nagsisilbi nilang hininga ay kinuha na ang lahat sa kanya. Ito ay kadalasang nangyayari sa lahat, nasa kadiliman at tanikala ang buhay. Wala nang naisip pa na solusyon sa mga problemang pinagdaanan. Ito ay makikita sa huling bahagi ng maikling kwento

"Habang nakakapit sa rehas at nakatingin sa labas, sinasabi niyang lahat ay kinuha na sa kanila, lahat, ay! Ang lahat ay kinuha na sa kanila..."

Sinuri ng mabuti ang maikling kwento gamit ang teoryang sosyolohikal. Ang mga simbolong nakita ng manunuri ay nagpapakita ng kaapihang dinanas ni Tata Selo. Ang mga pangyayari ay masasalamain sa tunay na nangyayari sa lipunan, ang pang-aapi sa mga mahihirap at pagturing dito na mababang uri. Sa iba't ibang sulok ng Pilipinas ay makikita ang ganitong mga kaganapan na magpa hanggang ngayon ay patuloy na nararanasan. Ito ay sinang-ayunan nina Quintana at Biendima (2023), kinakaharap pa rin ng mga magsasaka ang malawakang problema sa kanilang lupang sakahan, kasama ang mga patong patong na isyu ng panggigipit, paglabag sa karapatang pantao, at mga kapabayaan ng estado ukol sa tunay na repormang agraryo. Ang kapaligirang panlipunan maiihalintulad sa maikling kwento. Sa katunayan ito ay naisulat ng may akda sa taong 1963 kung saan umusbong ang tungkol sa suliranin sa lupa. Sa kabuuan, ang maikling kwento ay replektibo ng katutuhanang suliraning panlipunan. Ang mga tagpo sa maikling kwento ay sumasalamain pa rin sa kasalukuyan. Ang maikling kwento bilang akdang pampanitikan ay mahalagang talaan ng mga pangyayari.

4. Lagom ng Natuklasan

Inilahad sa bahaging ito ang mga lagom ng mga natuklasan, konklusyon at rekomendasyon sa isinagawang pagsusuri sa maikling kuwentong "Tata Selo" na isinulat ni Rogelio R. Sicat. Ang mga resulta ng pagsusuri ay nagbigay- tugon sa layunin ng pananaliksik. Ang mga magsasaka ang siyang bumubuhay sa sambayanang Pilipino, sa kanilang kasipagan nabubuhay ang lahat ng tao. Ngunit sa kasalukuyan ay humaharap sila sa iba't ibang suliranin na mababanaag sa maikling kwento na sumasalamain naman sa tunay na nangyayari sa lipunan. Ang akda ay naisulat sa panahong isinusulong ang batas na ang layunin ay maiahon ang magsasaka sa pagkabilanggo sa lupang sinasaka at maipamahagi ang lupang sakahan. Ang sigalot sa sakahan ay patuloy na mararanasan dahil sa mga naghaharing uri at hindi pantay na lipunan.

Ang pagsusuring ito ay isang kwalitatibong uri ng pag-aaral na gagamit ng content analysis upang matugunan ang pangangailangan at layunin nitong pag-aaral. Dagdag pa, nakasalig ito sa teoryang eksistensiyalismo ginalugad ang katangian ng mga tauhan, teoryang marxismo naman para sa isyu ng hindi

pagkakapantay-pantay, at teoryang sosyolohikal sa simbolismo ng katarungan sa lipunang Pilipino na nakapaloob o makikita sa akdang sinusuri.

Matapos ang mabusising pagsusuri sa akda, ang mga narito ang mga natuklasan ng manunuri. (1) Bawat tao ay may kalayaang gumawa ng desisyon ukol bilang sentro ng pananatili nila sa mundo. Tulad ng mga katangian ng mga tauhan sila ay may iba't ibang kaugalian, dito nakaugat sa kung papaano sila magdesisyon batay na rin sa kahingian ng sitwasyon sa kung ano katangian ang mamumutawi at pagpappasyang gagawin at ang resulta o bunga nito. (2) Maraming aspeto ang kakikitaan ng hindi pagkakapantay-pantay, tulad na lamang ng pagiging magsasaka at panginoong may lupa, pagiging mahirap at mayaman at pagiging mahinay at malakas. (3) Ang mga akdang pampanitikan ay hindi malalayo sa tunay nangyayari sa lipunan, ang mga bahagi ng maikling kwento ang pagtalima sa mga karapatang pantao at katarungan sa lipunang Pilipino ay masasalamain dahil sa hindi tamang sistema ng pagbibigay katarungan.

Sa pangkalahatan, ang mga natuklasan ng manunuri ay mahalaga upang makagawa ng iba't ibang kolektibong paraan para sa mga magsasaka maging sa sistema ng katarungan sa bansa. Amg pagsusuri ay maaring makapukaw sa iba't ibang organisasyong pang-agrikultura maging sa gobyerno ng bansa. Mahalaga din it sa mga mag-aaral na kumukuha ng kurso, makapagaambag din ito sa mga sinuring akdang pampanitikan.

5. Konklusyon

Ang maikling kuwentong "Tata Selo" ay sumasalamin sa mga karaniwang suliranin sa magsasaka at may ari ng lupa sa konteksto ng lipunang Pilipino, kabilang ang katangian ipinakita nina Tata Selo at Kabesang Tano. Ang mga ipinakitang katangiang ng pangunahing tauhan ng maikling kwento na si Tata Selo, ang pagiging mapagmahal, masipag, may pagpapahalaga sa ari-arian, may ipinaglalaban at may paninindigan. Kaakibat ng mga katangiang ito ay ang mga ang mga pagpapasyang napili ito ay ang pagtaga kay Kabesang Tano, ito ay kanyang kalayaan ngunit kapalit naman nito'y ang mga resulta ng napiling pagpapasya ay ang pagkakabilanggo. Hindi man naging maganda ang naging resulta ng desisyon ni Tata Selo ngunit hindi masisi ng tao kung bakit ganon ang kinahinatnan may mga dahilan at nagbunsod sa kanya na gawin ang bagay na iyon, dulot din ito ng kahingian ng sitwasyon, ito ay dahil sa hindi magandang ginawa at pakikitungo ng kabesa. Dagdag pa, ang mga katangian naman ni Kabesang Tano ay mata-pobre, mapagmataas at mapanakit. Mapang-api na sumasalamin kay Kabesang Tano, ang pag-usbong ng komplikasyon sa lupa ay buhat ng opresado't gahaman na pamalalakad ng mga naghaharing uri ng lipunan. Tulad ni Tata Selo, ang mga katangian ito ay nag-ugat sa mga desisyong napili at nag-ugat sa kanyang pagkamatay.

Natuklasan din sa akda ang hindi pagkakapantay-pantay tulad ng magsasaka at panginoong may lupa, mahirap at mayaman at mahina at malakas. Nalaman ang mga ugnayan at hidwaan ng mga antas sa lipunan. Ang tunggalian sa pagitan ng mga kapitalista (brugesya) at manggagawa (proletaryado) ay umiiral sapagkat ang mga kapitalista ay naghahangad ng mas maliking tubo habang ang mga manggagawa naman ay naghahangad ng mas malaking pakinabang mula sa kanyang lakas-paggawa. Nagkakaroon ng hindi pagkakapantay-pantay dahil sa mga mapangaping kapitalista. Ang mga manggagawa naman ay patuloy na nakikibaka dahil sa ganitong uri ng pamamalalakad at pakikitungo. Ang mga tunggaliang ito ay dahil sa hindi pantay na antas ng mga tao sa lipunan.

Napag-alaman din ng manunuri ang lipunang nasaksihan ng may akda na sumasalamin sa totoong nangyayari sa Pilipinas. Ang pang-aapi sa pangunahing tauhan at ang pagtalima sa katarungan ay kapansin-pansin sa akdang sinuri. Napagkaalaman din ng manunuri ang replektibong mga tagpo sa akda sa tunay na buhay. Ang pang-aapi sa pangunahing tauhan at ang paghahangad ng katurungan sa akda ay nangyayari parin ngayon sa kapaligirang Pilipino. Ang mga simbolismong istaked, gumapang ang luha sa pisngi, rehas, sinapo ng hepe, nakatingin sila kay Tata Selo na tila isang di pangkaraniwang hayop na itatanghal, nando'n amang si Saling sa Presidente at ag lahat ay kinuha na sa kanila ay nagpapakita lamang ng uri ng sistema ng katarungan sa Pilipinas. Ang mga ito ay may malalim na pagpapakahulugan na lumitaw sa kwento. Ito ay marahil na nasulat ng akda ayon sa lipunang kanyang nakita o naranasan. Ang mga tagpong ito ay makikita parin ngayon saan mang

sulok ng Pilipinas. Ang mga tagpo sa maikling kwento ay sumasalamin pa rin sa kasalukuyan. Sa katunayan, nasulat ang akda ng manunulat sapagkat ang pangyayari ay kanyang nasaksihan sa lipunang kinabibilangan. Ang pananaliksik na ito ay tumutugon sa kakulangan sa mga pag-aaral na gumagamit ng panitikang Filipino bilang midyum ng pagsusuri sa mga usaping panlipunan tulad ng diskriminasyon, representasyon, at marginalisasyon. Tumutuon sa papel ng panitikan bilang kasangkapan sa pagbibigay-kapangyarihan sa mga mag-aaral upang maging kritikal sa kanilang lipunan. Nagpapalawak sa diskurso ng makabuluhang edukasyon gamit ang mga kontemporaryong akdang pampanitikan, partikular sa konteksto ng edukasyong Filipino

Rekomendasyon - Ang rekomendasyon at konklusyon ng pagsusuri ay magbibigay daan sa organisasyon at kooperatibang pang-agrikultura tulad ng Department of Agriculture, Department of Agrarian Reform, National Rice Institute, Department of Environment and Natural Resources, National Irrigation Administration, National Food Authority, Forest Management Bureau, National Mapping and Resources Information Authority at marami pang iba upang makatulong sa mga magsasaka mga suliraning kinahaharap nila ito naman ang isa sa kanilang mga layunin. Dagdag pa, upang maging daan sa pamahalaan na bumuo ng mga panukala, aksyon, batas at repormang pansakahan na magbibigay sa mga karapatan ng mga magsasaka ng lupa at magbibigay sa kanila ng mga benepisyo tulad na lamang ng paglalaan ng paglalaan ng lupa, mga kagamitan sa pagsasaka, patubigan, kita, suportang pinansyal, pataba at iwas sa peste, pantay na paghahati sa lupa, tamang pagbibili ng mga pamanim at ang suporta mula sa gobyerno. Makatutulong din ito sa sa sistema ng hustisya ng Pilipinas na maging maayos ang sistema ng katarungan sa bansa, pagkakaroon ng pantay na paghahatol, ang pagpapatupad at pagsunod sa mga karapatang pantao, pagbibigay ng pantay na pagtrato sa mga bilanggo, paglilitis sa mga nagkakasala at lumabag ng batas sila ay may mataas ng kapangyarihan o kayamanan at mga nagkasala sa ilalim ng tamang proseso at gabay ng batas.

6. References

- Alipio-Luzande, C. (2024, October 12). 10 katangian ng Mabuting Tatay: Mga Payo at paalala: Theasianparent Philippines. theAsianparent Philippines: Your Guide to Pregnancy, Baby & Raising Kids. <https://ph.theasianparent.com/katangian-ng-mabuting-tatay>
- Almonicar, M. (2022, December 4). Para sa lupa, kailanma'y hindi pasisiil. The Catalyst. <https://pahayagangthecatalyst.wordpress.com/>
- Alvarado, E. (2019). Luha ng buwaya: Wika at Isyung Sosyo-Politikang ng mga Magsasaka. *International Journal of Research Studies in Education*, 8(4). <https://doi.org/10.5861/ijrse.2019.4901>
- Arbasto, M. L. (2019). Katotohanang Panlipunan sa mga piling maikling Kuwentong Pilipino ni Vicente Sotto, sr.: Isang Pamaksang Pagsusuri. *ACADEME University of Bohol, Graduate School and Professional Studies*, 15(1), 28–53. <https://doi.org/10.15631/aubgps.v15i1.143>
- Brizuela, H. (2016, May 10). Teoryang Eksistensyalismo. Scribd. <https://www.scribd.com/doc/312084572/Teoryang-EKSISTENSYALISMO>
- Dolot, G., & Sarrol, A. (2020, October 30). Estado ng Agraryo sa Timog Katagalugan. UPLB Perspective. <https://uplbperspective.wordpress.com/2020/10/29/estado-ng-agrario- sa-timog-katagalugan/>
- Food and Agriculture Organization of the United Nations. (2010). Statistical Yearbook World Food and Agriculture. FAOHome. <https://www.fao.org/home/en>
- Gara, A. (2022, May 30). Mga Pilipino SA Párang: Kalabaw Bilang Pambansang Sagisag ng Paggawa. Academia.edu.
- Hechanova, S. M. R. (2010, February 1). Pampulitikang Ekonomiyang Pagsusuri sa Kalagayan ng mga Manggagawang Bukid sa Hacienda Bolo-Bolo at hacienda sta. Maria Negros Occidental. College of Arts and Sciences – University of the Philippines Manila. <http://cas.upm.edu.ph:8080/xmlui/handle/123456789/349>
- Pascual, A. (2021, March 11). Mga Magsasaka ng bayan – veritasph. <https://www.veritasph.net/mga-magsasaka-ng-bayan/>
- Philippine Revolution Web Central. (2018a, October 27). Mataba ang Lupa sa Kanayunan para Paigtingin ang

- Digmaang Bayan. <https://www.cpp.ph/2018/10/21/mataba-ang-lupa-sa-kanayunan-para-paigtingin-ang-digmang-bayan/>
- Philippines Population. Worldometer. (n.d.).
<http://www.worldometers.info/world-population/philippines-population/>.
- Quintana, P., & Biendima, F. (2023, December 28). Ang Pagbungkal ng Mapagpalayang Pakikibaka. UPLBPerspective. <http://uplbperspective.wordpress.com/2023/12/28/ang-pagbungkal-ng-mapagpalayang-pakikibaka/>.
- Ulit, Claudette M. (2017) "Ang Mauwak at Lagarian Bilang Lunan ng Alyenasyon sa Nobelang Ginto ang Kayumangging Lupa ni Dominador Mirasol, Katipunan: Vol. 2: Iss. 1, Article 4.
- Robante, N., Reyes, D. A., & Libo-on, J. (2023). Maikling Kwentong Hiligaynon: Isang pagsasalin at Pagsusuring Moralitiko at Sosyolohikal. Romblon State University Research Journal, 5(1).
<https://doi.org/10.58780/rsurj.v5i1.97>
- Vallecera, E. E. (2019). Pagsusuri sa mga piling maikling kuwento ni Liwayway Arceo: Mungkahing Gabay ng Pagtuturo. ACADEME University of Bohol, Graduate School and Professional Studies, 15(1), 54–77.
<https://doi.org/10.15631/aubgsp.v15i1.144>

